

Taon 2012, Enero

Sa Mamayan ng Fukushima

Gobernador ng Fukushima Prefecture Yuhei Sato
Chairman ng Fukushima Medical University Shinichi Kikuchi
Presidente ng Asosasyon ng mga Psychiatric sa Fukushima Shinichi Niwa
Regional Chairman ng Asosasyon ng Pediatric ng Fukushima Japan
Mitsuaki Hosoya

Humihiling na makipag-kooperasyon sa survey ng kalusugan ng mga residente sa taong 2011(ukol sa sikolohikal na pang kalusugan at pamumuhay)

Ang Komisyon ng Lalawigan ng Fukushima at Fukushima Medical University ay gumawa ng hakbangin sa pangangalaga ng kalusugan ng mga residente hinggil sa pag-survey ng kanilang pangkalusugang kaisipan at pamumuhay. Sa kadahilanan ng pangyayaring kalamidad na lindol at aksidente sa Tokyo Electric Power Co. Fukushima Daiichi Nuclear Power Plant maraming mga mamayan ang lumisan sa kanilang mahal na bayan, at napilitang lumikas at manirahan sa ibat-ibang lugar na nagdulot sa kanila ng agam-agam, pagkagulo sa pamumuhay at pakiramdam ng pagkakabukod. At sa karagdagan, ang pagtira sa mga shelter na nagdulot sa kanila ng malaking stress. Ganoon din sa mga naninirahan sa temporary housing ang madalas naming naririnig na paghihirap na masanay sa pamumuhay kumpara sa kanilang kinasanayang bahay. Samantala, marami ang mas nababahala sa katayuan ng Istasyon ng Fukushima Daiichi Nuclear power sa epekto ng radioactive sa karamihan at siya ring naging malaking paksa sa media na nagdudulot ng pagkabalisa ng bawat-isa hinggil sa hinaharap na pamumuhay.

Ang aming layunin ay upang mas mapahusay ang pag-aaral namin ng pangangalaga ng kalusugan ng mamamayan at maintindihang maigi ang problema sa isip at katawan na dulot ng dilemma ng lindol. At upang mabigyan ng tamang impormasyon hinggil sa kalusugan at Human services. Pati na rin ang pangangalaga ng kalusugan ng mga bata sa hinaharap na henerasyon, o ang “pangangalaga ng kaisipan” habang nasa natural na kalamidad.

Para sa mga katanungan ng mga komunsulta hinggil sa kalusugan ay maaring tumawag sa Fukushima Medical University Health Care Radiology Center for residents(Health Care Center for residents). Upang matugunan ang teknikal na problema na may kaugnayan sa , problema sa sikolohikal na kalusugang, nagtatag ng isang “mental health team” na binubuo ng Clinical Psychologists, mga nurse, public health nurse, sa Health Care Center for residents. Tatawagan namin kayo kung napagdesisyonan namin na kinakailangan ninyo ng tulong base sa resulta ng inyong survey at mga katanungan mula sa inyong mga tawag. Sa karagdagan, naglungsad ng isang programa para sa mga rehistrong manggagamot na dumalo sa seminar ng

kalamidad pangkaisipang kalusugan at medical radiation ang mga sumusunod (Fukushima Medical University, Asosasyon Pangsaykayatriko, at ang Akademya ng pediatriko sa lungsod ng Fukushima.) At ipakikilala namin sa mga residenteng nangangailangan ng mga espesyalistang manggagamot na nasa kani-kanilang rehiyon. Sa panghuli, upang matugunan naming ang inyong pangangailangan sa pang kalusugan hinihiling naming ang inyong kooperasyon sa pagsagot ng mga katanungan ito, para sa hinaharap ng mga kabataan at sa hinaharap ng Fukushima.

Makipag-ugnayan sa:

Fukushima Medical University, Citizen's Health Care Radiology Center

Tel 024-549-5170(9:00~17:00 maliban sa weekends at opisyal na holiday.)